# Division of

**IKAAPAT NA MARKAHANG PAGSUSULIT**
**MOTHER TONGUE III**

Pangalan:________________________________________ Guro :_________________________
Baitang at Pangkat:_____________________Petsa:____________________Marka:_________

**PANUTO:** Basahin ang mga sumusunod na kwento sa talata. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

Si Emil Carlo ay maliit pa subalit siya ay marunong. Aliwan niya araw-araw ang tumingin sa mga aklat na maraming larawan. Marami siyang itinatanong sa ina. Isang beses lang siyang turuan ay alam na niya. Apat na taon pa lang siya ay kilala na niya ang mga titik ng alpabeto, palibhasa'y matiyaga at mabait na ina ang nagtuturo sa kanya.

_____1. Si Emil Carlo ay **maliit** pa subalit siya ay **marunong.** Ano ang tawag sa mga salitang may salungguhit.
A. pandiwa B. pang-abay C. pangngalan D. pang-uri

_____2. Marami siyang itinatanong sa ina. Ano ang pang-uring ginamit sa pangungusap.?
A. Ina B. itinatanong C.marami D. siya

_____3.Ano ang kasalungat ng salitang **marami**?
A. kaunti B. madalas C. palagi D. punung-puno

_____4. Ano ang kasalungat ng salitang **mabait?**
A. kahanga-hanga B.mabuti C. masama D. uliran

_____5.Ano ang kasingkahulugan ng salitang **marunong**?
A. marangal B.masigasig C.masipag D. matalino

Dumungaw sa bintana ang Nanay. Madilim sa labas at malakas pa ang hangin.

"Mabuti pang huwag na kayong pumasok mga anak" wika ng Nanay habang sila'y nag-aagahan. "Sa tingin ko ay babagyo".

"Pero, Nanay, may pagsusulit po kami" wika ni Camilo. "Ayokong lumiban"

"Ngayon daw po ihahayag ng aming guro ang resulta ng aming pagsusulit sa Matematika" wika ni Camil. "Gusto ko pong malaman kung mataas ang nakuha ko".

Bigla nilang narinig ang balita sa radyo. "Ang hudyat ng bagyo bilang dalawa ay nakataas sa buong Maynila at karatig pook.

"Walang pasok ang lahat ng klase ngayon"

"Yi-pi! Wala kaming klase!" natutuwang nasabi ni Carl.

_____6. Madilim sa labas at **malakas** pa ang hangin. Ano ang kaantasan ng pang-uring may salungguhit?
A. lantay B. pahambing C. pasukdol

_____7. **Napakalakas** ng bagyong dumaan sa ating bansa noong nakaraang taon. Ano ang kaantasan ng pang-uring may salungguhit?
A. lantay B. pahambing C. pasukdol

_____8. **Mas natuwa** si Carl kaysa kay Camil dahil sila ay walang pasok. Ano ang kaantasan ng pang-uring may salungguhit?
A. lantay B. pahambing C. pasukdol

Ano ang angkop na pang-abay na pamanahon at panlunan na inilalarawan sa mga sumusunod?

______9. Ang araw pagkatapos ng ngayon
A. bukas B. kahapon C.kamakalawa D. Lunes

______10. Ang araw bago ang ngayon

A. bukas B. kahapon C.kamakalawa D. Lunes

______11. Ang oras, ilang sandali mula ngayon

A. bukas B. kahapon C.Linggo D. mamaya

______12. Hindi sa labas

A. sa likod B. sa loob C.sa gilid D.sa tabi

______13. Kasalungat ng harapan

A. sa gilid B. salikuran C.sa loob D.sa tabi

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na kwento sa talata. Isulat sa patlang ang pang-ukol na ginamit.

| |
|---|
| Nagtatanim si Danny ng saging nang lumapit sa kanya si Ed, Ano ang itinatanim mo? tanong ni Ed. “ Puno ng Saging, “ sagot ni Danny. “ Sandali tutulungan kita sa iyong pagtatanim, “ ayon kay Ed. Dali-daling kinuha ni Ed ang pala at naghukay ng pagtataniman ng punong saging. Nilagyan ito ng pataba sa ibabaw kaya’t madaling lumaki at nagbunga ng marami. Laking tuwa ng magkaibigan sa kanilang kinita sa mga inaning saging na kanilang itininda. |

14. ____________15.____________16.____________17.____________18.____________

Panuto: Isaayos ang mga pangungusap sa sumusunod na talata. Gamitin ang mga hudyat na salita upang tukuyin ang tamang pagkakasunud-sunod nito. ( Una, Ikalawa, Ikatlo,Hulihan )

____________19. Nag-ulat siya sa harap ng klase.
____________20. Naghanap ng tamang aklat si Camil tungkol sa paksa.
____________21. Nagbigay ng takdang-aralin si Gng Aguinaldo tungkol sa buhay ng paru-paro.
____________22. Isinulat niya ang mga nakalap na impormasyon.

Panuto: Basahin ang sumusunod na talata. Kumpletuhin ang kasunod na balangkas.


Marunong ba kayong pumili ng sariwang isda? Bayaan ninyong ituro ko ito sa inyo.Pumili ng isdang may matingkad at mapulang hasang, malinaw ang mga mata at hindi madugo. Hawakan kung matigas ang katawan nito. Kung litaw na ang bituka ng isda, hindi na ito sariwa. Nakikilala rin sa mga kalikskis ng isda kung ito ay sariwa. Ang sariwang bangus, halimbawa, ay may makintab na puting kaliskis.

I. Ang sariwang isda ay 23.________________________________________

A. Malinaw ang mga mata at hindi madugo
B. 24. ________________________________________
C. Kung lilitaw ang bituka ng isda, hindi na ito sariwa
D. 25. ________________________________________

26-27 Sa iyong hinuha, iguhit sa loob ng bilog ang larawan ng bagay na isinasaad sa talata.

Panuto: Pag-aralan ang **graph** sa ibaba na nagpapakita ng paboritong libangan ng mga bata.




Sagutin ang sumusunod na tanong:

___________________________________28. Ilang bata ang gustong-gustong manood ng sine?
___________________________________29. Ilang bata ang gustong-gustong ang **video games?**
___________________________________30. Ilang bata ang gustong-gustong magbasa ng aklat?
___________________________________31. Sa iyong palagay, ano ang mangyayari kung patuloy na dadami ang bilang ng mga batang maglalaro ng **video games** kaysa nagbabasa ng aklat?

Panuto: Piliin ang nais ipakahulugan ng sumusunod na **hyperbole**. Isulat ang titik ng tamang sagot.

_________32. Namuti ang buhok ni Clarisa sa paghihintay kay Mica.
A. Matagal na naghintay si Clarisa kay Mica.
B.Tumanda na si Clarisa sa paghihintay kay Mica.
C. Nagsawa sa kahihintay
D. Natuwa sa paghihintay

_________33. Abot langit ang kanyang pagmamahal sa kanyang kaibigan.
A. Mahal na mahal niya ang kanyang kaibigan.
B.Hindi niya kayang mahalin ang kaibigan.
C. Ayaw niya sa kaibigan
D. Kaya niyang abutin ang langit

_________34. Bumabaha ng tulong sa lugar na sinalanta ng bagyo.
A. Walang tumutulong sa mga biktima ng bagyo.
B.Maraming tumutulong sa mga biktima ng bagyo
C. Ayaw tumulong ng marami
D. Kinalimutan na sila ng pamahalaan

_________35. Pasan-pasan ko na ang daigdig.
A. Binubuhat ko na ang mundo.
B. Marami na akong ng problemang kinakaharap sa buhay
C. Walang problema sa buhay
D. Walang pakialam sa mundo

Panuto: Basahin ang sumusunod na pangungusap. Piliin ang kahulugan ng mga salitang nakasulat ng b**old.**

_____36. Si Marjorie ay tumutugtog ng piano sa **band** na kilala bilang Musicat.
A. isang material na plat B.grupo ng mga musikero
C.kagamitan sa pagtugtog D. barkada

_____37. Nahihirapan ang mga mag-aaral na **ipass** ang pagsusulit.
A. dumaan B.permiso C.matagumpay na makapasa sa pagsubok D. Iabot

_______38.Ikaw ba ay nag **aattend** sa usapan ng iyong mga guro sa paaralan?
A.nagbibigay halaga B.nagbibigay pansin C.pagpapakita sa isang pagtitipon D. liliban

________39. Si Mrs. Ferrer ay laging nagsusuot ng sapatos na **match s**a kanyang damit.
A. mga tao o bagay na may magkaparehong kalidad at itsura B. isang pares
C. isang paligsahan D. magkaiba

________40. Ituro mo sa amin ang **way** papunta sa gusaling pantahanan.
A. eksibisyon B. ipakita C. Gabayan D. daan

| LAYUNIN | BLG. NG ARAW NA ITINURO | BILANG NG AYTEM | PORSYENTO | KINALALAGYAN NG BAWAT AYTEM |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| 1.Nakikilala ang pang-uri | 3 | 2 | 5% | 1-2 |
| 2. Napaghahambing ang pang-uri na may kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan | 4 | 3 | 7.5% | 3-5 |
| 3. Nakikilala ang antas ng pang-uri | 3 | 3 | 7.5% | 6-8 |
| 4. Nakikilala ang pang-abay at uri nito. | 3 | 5 | 12.5% | 9-13 |
| 5. Nakikilala ang pang-ukol | 3 | 5 | 12.5% | 14-18 |
| 6. Naisasaayos ang talata gamit ang mga hudyat na salita.<br>7. Nakagagawa ng balangkas | 4<br>4 | 4<br>3 | 10%<br>7.5% | 19-22<br>23-25 |
| 8. Naiguguhit ang hinuha | 4 | 2 | 5% | 26-27 |
| 9. Naipaliliwanag ang graph | 4 | 4 | 10% | 28-31 |
| 10. Naibibigay ang kahulugan ng hyperbole na ginamit | 4 | 4 | 10% | 32-35 |
| 12. Naibibigay ang kahulugan ng salita ayon sa gamit | 4 | 5 | 12.5% | 36-40 |
| | | | | |
| **KABUUAN** | 40 | 40 | 100% | 40 |

**SUSI SA PAGWAWASTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. D | 11. D | 21. Una | 31. Depende sa guro ang tamang sagot |
| 2. C | 12. B | 22. Ikatlo | 32. A |
| 3. A | 13. B | 23. May matingkad at mapulang hasang | 33. A |
| 4. C | 14.nang lumapit | 24. Matigas ang katawan | 34. B |
| 5. D | 15.ayon kay Ed | 25. May makintab at putting kaliskis | 35. B |
| 6. A | 16. sa ibabaw | 26 – 27 Depende sa guro ang tamang sagot | 36. B |
| 7. C | 17. sa mga inaning saging | 28. 80 | 37. C |
| 8. B | 18. ng saging | 29. 90 | 38. C |
| 9. A | 19. Ika apat | 30. 40 | 39. A |
| 10. B | 20. Ikalawa | | 40. D |

**"Credit to the author of this file"**